# Ramir

KATHA't GUHIT ni

...Jess M. Jodloman...

IKA 15

**Ang Kasaysayan...**

Nabuhay ang pag-asa ni Ramir nang tiya'kin ni Gunar na ito na nga ang bakal na hindi yuyuko sa taglay niyang lakas at kapangyarihan. Subali't kulang upang makapanday at makabuo ng tabak na kanyang pinapangarap. Kaya't napagpasiyahan ng binata na haluan ng pinakamatigas na makalupang bakal. Datapuwa't ang kanyang lakas na pinag-iibayo lamang ng nabuhay niyang pag-asa ay tuluyang naglaho nang ang makalangit na metal ay ayaw maghalo sa makalupang bakal, at siyang naging dahilan ng tuluyang pagpanaw ng kanyang ulirat. Nagdadalamhating pinagyaman ni Eda ang walang malay na kapatid. At sa tindi ng pagdaramdam ay naibulalas ang mga katanungang ihinahanap ng katugunan sa kakaibang damdaming matagal na niyang kinukuyom.




IYABOT MO SA AKIN!...HUWAG! HUWAG! HUWAG KANG UMALIS!!! IWAN MO ANG TABAK! IWAN MO SA 'KIN ANG TABAK!
EDA! EDA! INAY! ITAY! EDA!
RAMIR!! RAMIR, KAPATID KO!
NAGISING SI RAMIR NA NGAYKAY ANG BUONG KATAWANG ISINUBSOB ANG MUKHA SA KANDUNGAN NI EDA, NA SA MGA SANDALING IYO'Y PARANG DINUDUROG ANG DAMDAMIN SA NASASAKSIHANG PAGHIHIRAP NG 'KAPATID'!
EDA! ANG NANAY! ANG TATAY!
BAKIT, RAMIR? BAKIT? ANO'NG NANGYAYARI SA 'YO?
BALISANG NILAPITAN NG MAG-ASAWA UPANG KALAMAYIN ANG KALOOBAN NG ANAK! PATI ANG INA'Y NAPAYAPOS NA RIN KAY RAMIR...AT NAPAIYAK SA KALUNOSLUNOS NA AYOS NG ANAK...
ANG KAHABAG-HABAG KONG ANAK!...MAGPAHANGGA NGAYON BA NAMA'Y AYAW PA RING HIWALAYAN NG MALALAGIM NA PANGITAIN ANG AKING BUNSO?
NANG TULUYANG MAPAYAPA ANG KALOOBAN NI RAMIR AY SAKA...
ISANG MATANDA ANG LUMITAW SA AKING PANAGINIP AT IBINIBIGAY SA AKIN ANG TABAK NG UNANG RAMIR! SUBALI'T NANG AKING AABUTIN AY HUMADLANG ANG ISANG HUMAHALAKHAK NA ANINO, NA SIYANG NAGING DAHILAN NG MULING PAGDALAW SA AKING GUNIGUNI NG MGA MALALAGIM NA PANGITAIN! GIMBAL ANG AKING BUONG KATAUHAN, LALUNG-LALO NA NANG AKING MAPAGMASDAN ANG KAHAMBAL-HAMBAL NA AYOS NINYONG TATLO NA KASAMA NG MGA TAONG NALULUNOD SA DAGAT-DAGATANG DUGO! AT NANG KAYO'Y AKING SASAGIPIN AY LUMUBOG NA LANG KAYO AT SUKAT, KUNG KAYA'T AKO'Y NAGSISISIGAW!!
PARANG TUTOO ANG LAHAT NG MGA PANGYAYARI SA AKING PANAGINIP! LALUNG-LALO NA ANG MATANDA, KAYA, KAILANGAN KAMING MAGKITA. NATITIYAK KONG SIYA ANG MAGIGING KALUTASAN SA AKING SULIRANIN! SAPAGKAT, SIYA ANG NAG-IINGAT NG TABAK NG UNANG RAMIR!! HAHANAPIN KO SIYA! HAHANAPIN KO SIYA!!
SA SISUNOD